Base sa impormasyon mula sa website ng Japan Pension Service

**Q**

**Ako ay nagtapos sa isang unibersidad ng Japan noong Marso, at nagtatrabaho bilang empleyado sa isang kompanya ng Japan mula Abril. Matapos makumpleto ang proseso ng aplikasyon para makakuha ng Pensyon Pang Empleyado sa aming kompanya, Ako ay tumanggap ng abiso mula sa opisina ng pensyon na nagsasaad na ako ay hindi nagbayad ng buwanang seguro sa loob ng dalawang taon. Bakit ako tumanggap ng ganitong abiso na kung tutuusin ako ay dapat na hindi magbayad ng National Pension sa panahon ng aking pag-aaral?**

**A**

**Ang lahat ng mga residente ng Japan, anuman ang nasyonalidad, ay magiging nakaseguro sa ilalim ng National Pension Plan mula sa pagsapit ng edad 20 at kailangang magbayad ng buwanang seguro. Ang "Special Student Payment Exception System" ay pinapayagang iliban ang pagbabayad habang nag-aaral sa pamamagitan ng aplikasyon. Dahil sa hindi ka nakapag-aplay sa pagliliban habang ikaw ay nag-aaral, ituturing ng sistema ng pagbabayad na ito ay hindi bayad ng dalawang taon.**

**Maaaring mag-aplay ng pagliban na may bisa sa nakaraan kung hindi pa lampas ang dalawang taon na palugit sa pagbabayad ng seguro (hanggang 2 taon at isang buwan bago sa oras ng aplikasyon). Maaaring mag-aplay sa Sangay ng National Pension sa inyong lokalidad na munisipyo, pension office, o sa paaralan. Mangyaring sumangguni sa website ng Japanese Pension Service para sa mga detalye.**



## Mga puntos pag-iingat

- Ayon sa tuntunin, ang aplikasyon para sa eksepsyon ng pagbabayad ng estudyante ay sinusuri sa panahon mula Abril hanggang Marso sa susunod na taon (o mula Abril hanggang Marso sa naunang taon kung ang petsa ng aplikasyon ay mula Enero hanggang Marso), anumang petsa ng aplikasyon. **Dahil dito, kailangang mag-aplay sa bawat akademikong taon**. Mangyaring tandaan na kahit posibleng mag-aplay para sa maramihang akademikong taon, ngunit ang form ng aplikasyon ay kailangang isusumite sa bawat akademikong taon, taon-taon.
- **Ang hindi bayad ng dalawang taon** makalipas ang takdang petsa **ay hindi mababayaran dahil sa batas ng mga limitasyon or the statute of limitations**.
- **Anumang natitirang bayarin ay makakaapekto sa hinaharap na immigration procedures** gaya ng renewal ng inyong pagtira o aplikasyon para permanenteng pagtira.

## Sanggunian

[Aplikasyon para sa Special Student Payment Exception](#)

**Japan Pension Service**

Mga Wikang magagamit:
15 Wika kasama ang Nihonggo, Ingles, Tsina, Koryano, Biyetnam, Tagalog, Indonesiyo, Thai, Burmese, at Espanyol.

## Pagtatanong

[Iba-ibang Wika serbisyo sa teleponong konsultasyon](#)

**Japan Pension Service**

Mga Wikang magagamit:
Ingles, Tsina, Koryano, Portuges, Espanyol, Tagalog, Biyetnam, Indonesiyo, Thai, Nepal.

www.hiecc.or.jp/soudan www.facebook.com/hiecc.support E-MAIL: support@hiecc.or.jp TEL: 011-200-9595 FAX: 011-221-7845